Alberta

Palabas na **balita**

# Pagdiriwang ng mga kultura at paglaban sa kapootang panlahi

Oktubre 15, 2025 Mga katanungan sa media

Muling binubuksan ng pamahalaan ng Alberta ang mga Etnokultural at Paglaban sa Kapootang Panlahi na Gawad upang suportahan ang mga inisyatiba na pinamumunuan ng komunidad na nagdiriwang ng pagkakaiba-iba ng kultura at tumutugon sa kapootang panlahi.

Ang mga masisiglang kultural na komunidad ng Alberta ay isang mahalagang bahagi ng kung bakit ang lalawigan ang pinakamagandang lugar upang manirahan, magtrabaho at magpalaki ng isang pamilya. Sa pinagsamang pamumuhunan na $13.5 milyon sa loob ng tatlong taon, ang mga Grawad na Etnokultural at Paglaban sa Kapootang Panlahi ay tumutulong sa mga organisasyong pangkomunidad na maghatid ng mga proyektong nagbabawas ng diskriminasyon, nagpapatibay ng pagsasama at sumusuporta sa pag-akit at pagpapanatili ng magkakaiba at may kasanayang manggagawa.

“Ang Alberta ay tahanan ng maraming masisiglang multikultural na komunidad at dapat palaging maging ligtas na lalawigan para sa sinumang tumatawag dito na tahanan. Ipinagmamalaki ko ang gawaing ginagawa ng ating pamahalaan upang makipag-ugnayan sa mga multikultural na komunidad, manindigan laban sa kapootang panlahi at panatilihin ang Alberta na isang mapagtanggap na lugar para sa lahat."

*Muhammad Yaseen, kasamang ministro ng Multikulturalismo*

## Gawad sa Etnokultural na Programa

Ang Gawad sa Etnokultural Programa ay sumusuporta sa mga proyektong nagtatayo ng higit pang inklusibong mga komunidad habang pinagsasama-sama ang mga tao mula sa

Classification: Public

iba't ibang mga pinagmulan. Hanggang sa $50,000 ang magagamit para sa mga inisyatiba na lumilikha ng mga pagkakataong bumuo ng mga koneksyon sa mga grupong etnokultural at Katutubo, at hanggang sa $15,000 ang mapupunta sa mga proyektong nagdiriwang ng pagkakaiba-iba.

“Nakatulong ang Gawad sa Etnokultural at Paglaban sa Kapootang Panlahi ng Alberta (Alberta Ethnocultural and Anti-Racism Grant) sa pagbibigay ng buhay sa Contemplating the Tapestry of Filipino Canadian Connections art na eksibit. Ipinagdiwang ng eksibit ang mga magkakaibang kultural na salaysay, mga ibinahaging kasaysayan at mga magkakaugnay na karanasan sa pagitan ng mga komunidad ng Pilipino at Canada. Kami ay lubos na nagpapasalamat sa Etnokultural at Paglaban sa Kapootang Panlahi na gawad ng Alberta, na nagbigay-kakayahan sa amin na lumikha ng isang makapangyarihan at mabisang kultural na karanasan na nagdiwang ng Pilipino Canadian na kasiningan, nagtaguyod ng diyalogo at nagsulong ng pagiging inklusibo.”

*Ida Beltran-Lucila, presidente, Konseho ng Sining ng Pilipinas sa Alberta*

## Gawad Laban sa Kapootang Panlahi na Programa

Ang Gawad Laban sa Kapootang Panlahi na Programa y tumutulong sa mga komunidad na bumuo ng kapasidad na labanan ang diskriminasyon at tugunan ang kapootang panlahi. Hanggang sa $10,000 ang susuporta sa mga inisyatiba na parehong nagtuturo sa mga taong naninirahan sa Alberta at bumuo ng kapasidad ng organisasyon upang suportahan ang gawaing panlaban sa kapootang panlahi, at hanggang sa $5,000 ang mapupunta sa mga proyektong nagpapataas ng kamalayan sa kapootang panlahi at mga epekto nito.

"Ang pera ng pamahalaan na ibinigay sa amin ay mahalaga sa pagtupad ng aming misyon. Nagbigay ito sa amin ang mga kagamitan na kailangan namin upang maisakatuparan ang ilang mga proyekto, tulad ng pagpaplano ng mga pag-uusap sa komunidad at mga workshop pati na rin ang paglikha ng mga materyales na pang-edukasyon at mga programa ng pag-aabot-kamay. Bilang karagdagan, ang pagpipinansiya ay naging posible para sa amin na magbayad ng mga matatalinong tagapagsalita at mga tagapagsagawa, na ginagarantiyahan na ang aming mga programa ay magkakaroon ng epekto at parehong nakapagtuturo at nakakaaliw.

*Matthew Gaye, presidente, Siklo ng Tiwala (Cycle of Trust)*

Classification: Public

Bukas na ngayon ang mga aplikasyon ng gawad at magsasara sa Disyembre 19. Bukas din ang pagpaparehistro para sa sesyon ng impormasyon sa Oktubre 21, kung saan ibibigay ang karagdagang impormasyon sa mga programa.

## Mabilis na mga katotohanan

- Ang mga programang ito ay bukas sa mga pangkat na nakabase sa Alberta kabilang ang:
  - Mga hindi pangkalakal na organisasyon, kabilang ang mga grupong multikultural at nakabatay sa pananampalataya, mga First Nation at mga Metis Settlement, mga post sekundaryong institusyon, mga paaralan at mga lupon ng paaralan.
  - Noong 2024-25, ang Gawad sa Etnokultural at Paglaban sa Kapootang Panlahi na mga Programa ay nagbigay ng $5.5 milyon sa pagpopondo sa halos 200 grupo ng komunidad upang isulong ang cross-cultural na pag-unawa at labanan ang kapootang panlahi.
  - Sinuportahan ng $5.5 milyon ang higit sa 230 mga organisasyon noong 2023-24.

## Kaugnay na impormasyon

- Ethnocultural-grant
- Gawad laban sa kapootang panlahi
- Rehistrasyon sa Sesyon ng Impormasyon sa Gawad ng Etnokultural at Paglaban sa Kapootang Panlahi
- Rehistrasyon sa Sesyon ng Impormasyon sa Gawad ng Etnokultural at Paglaban sa Kapootang Panlahi

## Mga pagtatanong ng media

### Hunter Baril

780-619-5774
Kalihim ng Press, Trabaho, Ekonomiya, Pangangalakal at Imigrasyon